Mensahe mula sa Tagapagpaganap na Direktor
(Ingles)

Ipinagmamalaking naninilbihan ang San Diego Regional Center (SDRC) sa halos 26,000 katao na may mga kapansanan sa pag-unlad at kanilang mga pamilya. Ang aming mga kliyente ay isang kinatawan ng mga county ng San Diego at Imperial; sila ay kinabibilangan ng lahat ng mga kulay, wika, at etnikong grupo. Walang kinalaman ang sinasalitang wika, kanilang lahi, o kanilang etnikong grupo, lahat ng aming mga kliyente ay tinatrato na may paggalang at dignidad. Sa katunayan, katulad ng isinaad sa mga pangunahing pagpapahalaga ng aming Korporasyon, ang pagiging katangi-tangi ng lahat ng nilalang na tao ay pinahahalagahan at ang mga serbisyo na ibinibigay namin ay nag-aaninaw, at sensitibo sa, kultural at etnikong pagkasari-sari ng pamayanan. Kami ay nakatuon na maglingkod, sumuporta at magbigay ng mga serbisyo sa lahat ng aming mga kliyente na nakasentro sa kanilang mga indibidwal na pangangailangan at layunin, hindi base sa etnisidad, lahi o wika!

Ang San Diego Regional Center ay hinihilingan na magpaskil ng mga datos na may kinalaman sa pagkakaiba-iba sa halaga ng paggugol para sa mga serbisyo para sa mga kliyente sa iba't ibang mga etnikong grupo. Ipinakikita ng datos na ang average na iginugol ng bawat kliyente ayon sa SDRC ay iba sa mga etnikong grupo *(Asyano, Itim/Aprikano-Amerikano, Filipino, Latino, Katutubong Amerikano, Polinesyano, at Puti).* Inudyukan kami ng datos na bumuo ng isang komprehensibong plano. Ang mga pagkakaiba ay maaaring ipalagay na dulot ng maraming mga salik at ang unang lohikal na hakbang ay maingat na pagpapakahulugan sa mga numero.

Nakipagkasundo kami sa mga lokal na partner (*University of California, San Diego at Rady Children's Hospital – San Diego)* na nagtataglay ng kahusayan sa pananaliksik upang maingat na pag-aralan ang mga datos. Bilang bahagi ng matamang pagkakaunawaan na ito, magsisimula ang SDRC ng isang proseso kung saan isasapanahon namin ang impormasyon ng kliyente upang pagbutihin ang aming pagtitiwala sa klasipikasyon ng etnisidad para sa lahat ng mga kliyente. Ang aming mga tagapag-ugnay ng serbisyo ay magsisimulang abutin sa pamamagitan ng telepono ang mga kliyente at pamilya at magtanong hinggil sa impormasyon ng etnisidad. Mangyaring huwag mabahala o mag-alala. Ganap naming nauunawaan ang inyong pagkamaramdamin hinggil sa pagbabahagi ng ganitong uri ng impormasyon. Tinitiyak namin sa inyo na pananatilihin namin ang inyong pagiging kompidensiyal. Ang inyong pangalan at impormasyon ay hindi ibibigay sa sinuman o anumang organisasyon, kasama ang mga organisasyong pampamahalaan, nang wala ng inyong pag-ayon, o pag-ayon ng adultong kliyente, conservator, o legal na tagapagbantay. **Gusto kong idiin na ang San Diego Regional Center ay isang organisasyon na hindi nagtutubo. Hindi kami ahente ng pederal na pamahalaan at nagsisilbi kami sa mga residente ng mga county ng San Diego at Imperial na hindi tinatanong ang kanilang katayuan bilang mamamayan o pangingibang-bayan.**

Ang aming pagsisikap na matiyak ang pagkakaroon ng isang patas na sistema ng pagbibigay ng serbisyo sa lahat ng aming mga kliyente ay hindi humihinto sa unang hakbang na ito ng pananaliksik sa kalikasan ng mga kaibahan. Nakatuon kami sa pagkakaroon ng isang organisasyon na may kakayahang kultural. Kapwa ang panlahi at etnikong profile ng aming Lupon ng mga Direktor at mga empleyado ay sumasalamin sa populasyon ngmga kliyente na pinagsisilbihan namin. Ang aming kawani at miyembro ng lupon ay binibigyan ng pagsasanay sa kakayahang multikultural. Kamakailan ay nagpasok kami ng isang "espesyalista sa kultura" na mangunguna sa maraming mga gawain sa organisasyon at pamayanan na magtataguyod ng mas may kakayahan at pamilyaridad na kros-kultural. Kasama ang aming mga partner sa pamayanan magpapasimula kami ng isang "promotora model" na nag-eempleyo at nagsasanay sa mga miyembrong lego ng pamayanang Latino upang tulungan ang mga kliyente at pamilyang Latino na komportableng at epektibong maglayag sa sistema ng SDRC. Binabalak rin ng SDRC na gumamit ng modelo ng tele-medisina upang pagbutihin ang mga serbisyo para sa grupo ng minoridad na naninirahan sa mga liblib na lugar sa Imperial County.

Katulad ng nakikita ninyo, inaalagaan namin ang lahat ng aming mga kliyente sa pagkakaroon ng patas at pantay na akses sa mga serbisyo. Malugod naming tinatanggap ang inyong input at magpapatuloy kami sa pakikipag-usap sa mga kliyente, pamilya at partner sa pamayanan higgil sa napakahalagang usapin na ito.

Carlos Flores
Tagapagpaganap na Direktor

u:\misc\communicator message march 2017.docx